REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-92

KAPASIYAHAN NA NAGLALAYONG HILINGIN NG BUONG GALANG SA EHEKUTIBO (EXECUTIVE DEPARTMENT) NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG MABILISANG PAGPAPATUPAD NG MGA KAUTUSANG BAYAN NA ITINADHANA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG MAY PAGSASAALANG-ALANG SA KAHIWALAYAN NG KAPANGYARIHAN (SEPARATION OF POWERS) NG LEHISLATIBO AT EHEKUTIBONG TANGGAPAN (LEGISLATIVE AND EXECUTIVE DEPARTMENT) NA ITINADHANA AT SINUSUNOD SA ILALIM NG ATING SALIGANG BATAS AT DEMOKRATIKONG INSTITUSYON.

*************************************************************

Ipinanukala ni : Kgg. Ernesto A. Carubio

*************************************************************

SAPAGKAT, kinikilala ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang kahiwalayan ng kapangyarihan (separation of powers) at pag-aanib ng kapangyarihan (blending powers) ng ehekutibo at lehislatibo na itinakda at umiiral sa sistema ng ating gobyerno;

SAPAGKAT, kinikilala at binibigyang halaga ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang mga kagalingan para sa mamamayan na nagawa at ginagawa ng ating pamahalaang lokal sa pamumuno ng ating Punongbayan Mggl. Ignacio R. Bunye at Pangalawang Punongbayan Mggl. Jaime R. Fresnedi upang ang ating mamamayan ay magkaroon ng mas mataas na antas na pamumuhay, tahimik, maganda at maunlad na pamayanan;

SAPAGKAT, kung ang mga kautusang bayan o maging ang mga kapasiyahang bayan na ipinasa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay dagliang maipatupad ay lalo itong magiging napakalaking tulong upang makamit natin ang dakilang layunin para sa bayan at maging kaagapay ng Pamahalaang Nasyonal upang maisulong ang mga mithiin ng Philippine 2000;

SAPAGKAT, kung ang mga kautusang bayan o kapasiyahang bayan na ipinasa ng ating Sangguniang Bayan ay naging batas na, ay tunay na maipapatupad, ang ating pamamahala sa kasalukuyan ay hindi mag-aanimong ningas-kugon;

SAPAGKAT, ang paghiling na ito ng Sangguniang Bayan ay hindi mangangahulugan ng paglampas sa kapangyarihan ng departamento ng ehekutibo ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa kundi upang higit na mapagsilbihan ang mas nakatataas na interes ng publiko (public interest);

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang pinagtitibay ang mga sumusunod:

SEKSYON 1. Hilingin ng mapitagan sa Punongbayan Mggl. Ignacio R. Bunye sa pamamagitan ng Tagapangulo ng Sangguniang Bayan na siya ring Pangalawang Punongbayan, Mggl. Jaime R. Fresnedi, ang mataimtim na pagpapatupad ng mga batas o mabilisang pagsasagawa ng mga tuntunin (rules and regulation ng mga batas na nangangailangan nito, gayundin ang pagpataw ng kaukulang parusa sa iba't-ibang pinuno ng ating sangay na susuway o magwawalangbahala sa tagubilin ng Punongbayan ukol dito.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika 55th regular na pagpupulong na ginanap ngayong ika-13 ng Setyembre, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A.ABAS, JR
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

KGG.MIGUEL LUIS F.RIOSJR.
Kinatawan ng Sektor
Tagapangulo, Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan